eskuwéla (escuela)	iskúl (school)
estílo (estilo)	istáyl (style)
eskolár (escolar)	iskólar (scholar)

7.1.3 Sa mga salitang hiram sa Español, nagiging titik ⟨i⟩ ang ⟨e⟩ na nása gitna ng salita. Halimbawa:

disgrasya	hindi	desgrasya
disyerto	hindi	desyerto
dilikado	hindi	delikado

7.1.4 Nagiging ⟨i⟩ ang ⟨e⟩ sa dulo ng salitang ugat kapag dinadagdagan ng panlapi.

Salitang Ugat	Panlapi	Salitang Maylapi
arte	ka-, -an	kaartiyan 'kaartihan'
suwerte	-on	suwertiyon 'napakaswerte'
diskarte	-an	diskartiyan 'gumawa ng paraan'
parte	-an	partiyan 'bahagian'

7.2 Pagbalyo ka O sa U

7.2.1 Sa mga saritang uram sa Español na nagpupuon sa “o” imantinir a “o”

Alimbawa:

- | | | |
|---------------------|--------|-------------------|
| • obispo | bukong | ubispo |
| • opisina | bukong | upisina |
| • okasyon | bukong | ukasyon |
| • obligasyon | bukong | ubligasyon |

7.2.2 Sa kangaminan, gamiton a ⟨o⟩ kin adi sa uriyan na silaba puwera ka mga saritang **gasul**, **balut**, saka iba pa.

Alimbawa:

bato ‘bato’
duot ‘damo’
bag-ot ‘pawis’
maib-og ‘makapal’
payo ‘ulo’
bayong ‘basket’
puon ‘puno/simula’
bituon ‘bituin’

7.2.3 Sa iba pang posisyon, gamiton a letrang ⟨u⟩. Alimbawa:

grupo ‘grupo’	kapsula ‘kapsula’
tulo ‘tatlo’	kalintura ‘lagnat’
buta ‘bulag’	tusar ‘gupit’

Agko taliwas sa kaso ka mga saritang uram na agko tunog [o] na sinusundan sa /s/ paryo ka **poste**, **impostor**, saka **posible**. Paryo man ka mga uram na sarita arog ka **koryénte**, **Koreáno**, **donasyón**, **morádo**, **kompanyá**, **sombréro**, **politiká**, **polo**, saka **bola**.

7.2 Palitang O sa U

7.2.1 Sa mga salitang hiram sa Español na nagsisimula sa ⟨o⟩, panatilihin ang ⟨o⟩. Halimbawa:

Halimbawa:

- | | | |
|---------------------|-------|-------------------|
| • obispo | hindi | ubispo |
| • opisina | hindi | upisina |
| • okasyon | hindi | ukasyon |
| • obligasyon | hindi | ubligasyon |

7.2.2 Sa pangkalahatan, gamitin ang ⟨o⟩ kung ito ay nása hulíng pantig maliban sa mga salitang **gasul**, **balut**, atbp.

Halimbawa:

bato ‘bato’
duot ‘damo’
bag-ot ‘pawis’
maib-og ‘makapal’
payo ‘ulo’
bayong ‘basket’
puon ‘puno/simula’
bituon ‘bituin’

7.2.3 Sa iba pang posisyon, gamitin ang letrang ⟨u⟩. Halimbawa:

grupo ‘grupo’	kapsula ‘kapsula’
tulo ‘tatlo’	kalintura ‘lagnat’
buta ‘bulag’	tusar ‘gupit’

Mayroong kataliwasan sa káso ng mga salitang hiram na may tunog [o] na sinusundan ng /s/ tulad ng **poste**, **impostor**, at **posible**. Gayundin sa mga salitang hiram gaya ng **koryénte**, **Koreáno**, **donasyón**, **morádo**, **kompanyá**, **sombréro**, **politiká**, **polo**, at **bola**.

7.2.4 A mga saritang inuutro na nasa uriyan na pantig a <o>, diri na binabalyuwan a letrang <o> sa <u>. Butangan na sana sa gitling sa bitnga ka darwang sarita.

Alimbawa

- ribo-ribo ‘libo-libo’
- uno-uno ‘ano-ano’
- apon-apon ‘tuwing hapon’
- sawong-sawong ‘panggulo’

7.2.5 Nagigin <u> a <o> sa uriyan na silaba ka sarita kin rinurugangan sa panlapi arog ka -an, -on/-won.

Saritang-Ugat	Panlapi	Saritang agko Panlapi
sako ‘sako’	-on	sakuwon ‘isako’
bawog ‘pagkain ng hayop’	-on	bawugon ‘pakainin ang hayop’
balyo ‘lipat/palit’	-won/wan	balyuwon / balyuwan ‘palitan’
kapot ‘hawak’	-an	kaputan ‘hawakan’
sulod ‘habol’	-on	suludon ‘habulin’
gibo ‘gawa’	-won/-wan	gibuwon / gibuwan ‘gawin / gawan’

7.2.6 Kin a sarita agko kambal-patinig na <o>, a unang patinig sana a nagigin <u> kin kinakabitan sa panlapi.

Saritang-Ugat	Panlapi	Saritang agko Panlapi
buot ‘bait’	ma-	mabuot ‘napakabait’
duot ‘damo’	ma-	maduot ‘madamo’
tuom ‘saulo’	-on	tuomon ‘isaulo’

7.2.4 Sa mga salitáng inuulit na nâsa hulíng pantig ang <o>, hindi na pinapalitan ang letrang <o> ng <u>. Lagyan ng gitling sa gitna ng salita.

Halimbawa:

- ribo-ribo ‘libo-libo’
- uno-uno ‘ano-ano’
- apon-apon ‘tuwing hapon’
- sawong-sawong ‘panggulo’

7.2.5 Nagiging <u> ang <o> sa huling pantig ng salita kapag dinadagdagan ng panlapi katulad ng -on/-won at -an/-wan.

Salitáng-Ugat	Panlapi	Salitáng Maylapi
sako ‘sako’	-on	sakuwon ‘isako’
bawog ‘pagkain ng hayop’	-on	bawugon ‘pakainin ang hayop’
balyo ‘lipat/palit’	-won/wan	balyuwon / balyuwan ‘palitán’
kapot ‘hawak’	-an	kaputan ‘hawakán’
sulod ‘habol’	-on	suludon ‘habulin’
gibo ‘gawa’	-won/-wan	gibuwon / gibuwan ‘gawin / gawan’

7.2.6 Nananatili ang magkasunod na <u> at <o> sa gitna ng salitáng- ugat kapag nilalapian.

Salitáng-Ugat	Panlapi	Salitáng Maylapi
buot ‘bait’	ma-	mabuot ‘napakabait’
duot ‘damo’	ma-	maduot ‘madamo’
tuom ‘saulo’	-on	tuomon ‘isaulo’

7.2.7 Kin a saritang ugat nagtatapos sa (e) na agko (o) sa una o ikarwang silaba ka sarita, a (e) nagigin (i) saka a (o) nagigin (u) kin rinurugangan sa panlapi.

Saritang-Ugat	Panlapi	Saritang agko Panlapi
kapote	ka-, -yan	kaputiyan ‘magsuot ng kapote
diskobre	-yon	diskubriyon ‘tuklasin’
korte	-yan	kurtiyan ‘lagyan ng porma o disenyo’

7.2.8 Sa mga uram na saritang agko (o) saka sinusundan sa (n) sa unang pantig, nagbabago a patinig saka katinig. A (o) nagigin (u) saka a (n) nagigin (m) kin a kasunod na silaba nagpupuon sa (b)/ (v) saka (p)/ (f)

Uram na Saritaon	Saritang agko Panlapi
conferencia	kumperensiya
conforme	kumporme
confetti	kumpeti
convento	kumbento
convulsion	kumbulsiyon

Bukong sakop kadi susundon na adi a mga uram na saritang (m) na (o) na a kasunod sa orihinal arog ka kompanya (compañía) saka kompleto (completo). Pareyo man ka mga saritang uram na a kasunod (n) pakatapos ka (o) agko mga letra puwera sa (b)/ (v) saka (p)/ (f) arog ka kontrata (contrata), kontrobersiya (controversia), saka konsumo (consumo).

7.2.7 Kapag ang salitáng-ugat ay nagtatapos sa (e) at may (o) sa gitna ng salita, ang (e) ay nagiging (i) at ang (o) ay nagiging (u) kapag dinadagdagan ng panlapi.

Salitáng-Ugat	Panlapi	Salitáng Maylapi
kapote	ka-, -yan	kaputiyan ‘magsuot ng kapote
diskobre	-yon	diskubriyon ‘tuklasin’
korte	-yan	kurtiyan ‘lagyan ng porma o disenyo’

7.2.8 Sa mga salitáng hiram na may (o) at sinusundan ng (n) sa unang pantig, nagbabago ang patinig at katinig. Ang (o) nagiging (u) at ang (n) ay nagiging (m) kapag nag-uumpisa ang kasunod na pantig sa (b)/ (v) at (p)/ (f)

Salitáng Hiram	Salitáng Maylapi
conferencia	kumperensiya
conforme	kumporme
confetti	kumpeti
convento	kumbento
convulsion	kumbulsiyon

Hindi sakop ng tuntuning ito ang mga salitang hiram na letran (m) na talaga ang kasunod ng (o) sa orihinal tulad ng kompanya (compañía) at kompleto (completo). Gayundin ang mga salitang hiram na ang kasunod ng (n) pakatapos ng (o) ay mga letrang maliban sa (b)/(v) at (p)/(f) gaya ng kontrata (contrata), kontrobersiya (controversia), at konsumo (consumo).

8 | MGA BANTAS O PANANDA

A sumusunod na gabay sa pagbabantas base sa ginagamit ka pangkasalukuyang mga diyaryo/lathalaan sa bilog na kinaban.

8.1 Tuldok (.)

8.1.1 Ginagamit na pananda sa uriyan o panapos sa pangungusap na pasalaysay o pautos.

Alimbawa:

Maamot a burak.
Mabuot a kanamong maestra.
Pakikuko ka siggid.

8.1.2 Sa Pagpapaalukot.
Pagdadaglat o pagpapaalukot ka mga sarita.

Alimbawa:

Sen. Senador
Kap. Kapitan
Dr. Doktor

Sa surat, pinapaalukot a titulo/adres ka sinusuratan.

Alimbawa:

Kgg. Fernando B. Pili, Ed.D.
Prinsipal 2
Bato South Central School
Santiago, Bato, Camarines Sur

Sa mga ngaran, ginagamit a tuldok kin isinusurat a bitngang inisyal ka ngaran

Alimbawa:

Marlene **B.** Laya Marcia **V.** Calleja
Vilma **S.** Cangayo Madonna **E.** Monte

8 | MGA BANTAS

Ang sumusunod na tuntúnin sa pagbabantas ay base sa mga kasalukuyang praktika ng mga pangunahing lathalaan sa daigdig.

8.1 Tuldok (.)

8.1.1 Karaniwang ginagamit na pananda sa hulihan o panapos sa pangungusap na pasalaysay o pautos.

Halimbawa:

Maamot a burak. 'Mabango ang bulaklak.'
Mabuot a kanamong maestra. 'Mabait ang aming guro.'
Pakikuko ka siggid. 'Pakikuha ng walis.'

8.1.2 Sa Pagpapaikli.
Pagdadaglat ng mga salita.

Halimbawa:

Sen. Senador
Kap. Kapitan
Dr. Doktor

Sa sulat, dinadaglat ang titulo ng sinusulatan.

Halimbawa:

Kgg. Fernando B. Pili, Ed.D.
Prinsipal 2
Bato South Central School
Santiago, Bato, Camarines Sur

Sa mga pangalan, ginagamit ang tuldok kapag inisyals lámang ng gitnang pangalan ang isinusulat.

Halimbawa:

Marlene **B.** Laya Marcia **V.** Calleja
Vilma **S.** Cangayo Madonna **E.** Monte

8.1.3 Paglilista, pagtatala o enumerasyon. Ibinubutang a tuldok pagkatapos ka bilang/ letra.

Alimbawa:

A sumusunod amo a mga giya o susundon sa pakontes na pagsurat sa tigsik:

1. A pakontes bukas sa mga estudyante sa ikalimang grado.
2. Dapat orihinal na ginibo saka nakasurat sa Rinkonada.
3. Manungod sa Bulan sa Pagbasa a tema.

8.1.4 Sa Agham saka Matematika.

=Sa Matematika, ginagamit sa sistemang desimal.

Alimbawa:

3.14 halaga ng π
1.31 sentimetro

Sa Agham, ginagamit sa pagsurat ka mga ngaran sa siyentipikong nilalang na ayop o tanom.

Alimbawa:

R. leonardi (daglat ni Rafflesia an R.)
D. dugon (daglat nin Dugong an D.)

8.1.5 Relasyon sa iba pang Bantas o Pananda.

Ginagamitan sa panipi o *quotation mark* a mga pangungusap na agko tuwiran o direktang sinabi.

Kin a tuwiran o direktang sinabi nasa unaan, butangan adi sa kurit sa baba saka tuldok sa uriyan ka pangungusap.

Alimbawa:

“Gayon man ka igin na adi,” pag-omaw ni Ate Ana.
“Abo kong mangayamon,” sabi ni Lito.
“Uda po ako pagkaisi ku nangyari,” paliwanag ni Sara.

8.1.3 Paglilista, pagtatala, o enumerasyon. Inilalagay ang tuldok pagkatapos ng bílang/ titik.

Halimbawa:

Ang sumusunod na mga tuntúnin sa patimpalak sa pagsulat ng tula.

1. Ang patimpalak ay bukás sa mga estudyante sa ikalimang baitang.
2. Ang isinulat ay dapat orihinal na ginawa at isinulat sa Bikol.
3. Ang paksa ay tungkol sa Buwan ng Pagbása

8.1.4 Sa Agham at sa Matematika.

Sa Matematika, ginagamit sa sistemang desimal.

Halimbawa:

3.14 halaga ng π
1.31 sentimetro

Sa Agham, ginagamit sa pagsulat ng mga pangalang siyentipiko ng mga nilaláng na hayop o halaman.

Halimbawa:

R. leonardi (daglat ng Rafflesia ang R.)
D. dugon (daglat ng Dugong ang D.)

8.1.5 Relasyon sa Iba Pang Bantas.

Ginagamitan ng panipi o quotation mark ang mga pangungusap na may tuwiran o direktang sinabi.

Kung ang tuwiran o direktang sinabi ay nása unahán, lagyan ito ng kuwit at tuldok sa hulihán ng pangungusap.

Halimbawa:

“Ang ganda nitong bata,” pagpuri ni Ate Ana.
“Ayaw kong maglaro,” sabi ni Lito.
“Uda po ako pagkaisi ku nangyari,” paliwanag ni Sara.

Kin a tuwiran o direktang sinabi nasa uriyan na parte ka pangungusap, imantinir a tuldok.

Alimbawa:

Pag-omaw ni Ate Ana, “Gayon man ka igin ay.”
Pagpuri ni Manay Leni, “Ang ganda nitong bata”

Sabi ni Lito, “Abo akong mangayamon.”
Sabi ni Lito, “Ayaw niyang sumama.”Sabi ni Lito, “Ayaw kong maglaro”

Paliwanag ni Sara, “Uda ako isi ku nangyari.”
Paliwanag ni Sara, “Wala po akong alam sa nangyari.”

Agko pagkakataon na a pangungusap nasa luog ka panaklong, kaya sa luog man a tuldok.

Alimbawa:

Ku usad na bulan, nag-iyan sa Saudi si mama niya. (OFW a mama niya.)

Agko man pagkakataon na nasa luog ka panaklong a parte ka pangungusap, kaya a tuldok nasa luwas ka panaklong.

Alimbawa:

Uda naginibo su darwang suspek ku marakop ku pulis (diri kaya sira nakadulag).

8.1.6 Sa Sanggunian. Ginagamit a tuldok tanganing pagsuwayon a detalye manungod ka nagsurat saka a titulo ka libro bilang kaiba sa sanggunian.

Alimbawa:

Almario, Virgilio. *Balagtismo Versus Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1984.

Kung ang tuwiran o direktang sinabi ay nasa hulihán na bahagi ng pangungusap, panatilihin ang tuldok.

Halimbawa:

Pag-omaw ni Ate Ana, “Gayon man ka igin ay.”
Pagpuri ni Manay Leni, “Ang ganda nitong bata”

Sabi ni Lito, “Abo akong mangayamon.”
Sabi ni Lito, “Ayaw niyang sumama.”Sabi ni Lito, “Ayaw kong maglaro”

Paliwanag ni Sara, “Uda ako isi ku nangyari.”
Paliwanag ni Sara, “Wala po akong alam sa nangyari.”

May pagkakataon na ang pangungusap ay nasa loob ng panaklong, kayâ ang tuldok ay nasa loob din.

Halimbawa:

Sa nakaraang buwan, lumakbay patungo sa Saudi ang kaniyang ina. (Isang OFW ang kanyang ina.)

May pagkakataon naman na ang nasa loob ng panaklong ay bahagi pa ng pangungusap, kayâ ang tuldok ay nasa labas ng panaklong.

Halimbawa:

Walang nagawa ang dalawang suspek nang mahuli ng pulis (hindi sila nakatakas).

8.1.6 Sa Sanggunian. Ginagamit ang tuldok upang paghiwalayin ang detalye tungkol sa may-akda at ang pamagat ng aklat bilang isang kasali sa sanggunian.

Halimbawa:

Almario, Virgilio. *Balagtismo Versus Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1984.

8.1.7 Sa Sangguniang Online. Ginagamit a tuldok kin pinagsusuway a mga detalye sa usad na URL (uniform resource locator).

Alimbawa:

www.kwf.gov.ph
www.deped.gov.ph

8.1.8 Sa Diksiyonaryo. Ginagamit bilang pananda sa pagtapos.

Alimbawa:

kem·bot p: paggalaw ng balakang.
bú·not p: pagbunot ng damo o bagay.

8.2 Kuwit (,)

8.2.1 Ginagamit tanging masabi a pinaalukot na idea o pagpundo sa iba pang mga idea saka pagbasa.

Alimbawa:

Narumruman niya, na bago mag-eskwela, dapat nagdara iya sa payong.
Bigla na sanang nag-uran sa makusog, ku arani na iya.

8.2.2 Sa mga serye. Ginagamit a kuwit ka pasunod-sunod na ideya sa usad na pangungusap na pinagsalak sa pang-ugnay.

Alimbawa:

Si Ana usad na igin na mabuot, maurot, pero kuripot
Paborito kong magkaon sa gulay na pinangat, kalabasa, saka kalunggay.

8.1.7 Sa Sangguniang Online. Ginagamit ang tuldok upang paghiwalayin ang mga detalye sa isang URL (uniform resource locator).

Halimbawa:

www.kwf.gov.ph
www.deped.gov.ph

8.1.8 Sa Diksiyonaryo. Ginagamit bílang tanda ng pagtapos.

Halimbawa:

kem·bot png: paggalaw ng balakang.
bú·not p: pagbunot ng damo o bagay.

8.2 Kuwit (,)

8.2.1 Ginagamit upang masabi ang pinaikling idea o pansamantalang pagtigil ng daloy ng idea, at pagbasa.

Halimbawa:

Bago siya pumunta sa eskuwelahan, naisip niya,dapat pala nagdala siya ng payong.
Nang malapit na siya,biglang umulan nang malakas.

8.2.2 Sa mga Serye. Ginagamit ang kuwit sa serye ng tatlo o mas marami pang idea sa isang pangungusap na pinagsama-sama ng isang pang-ugnay.

Halimbawa:

Si Ana ay isang bata na mabait,mahilig kumain,pero kuripot.
Paborito kong kumain ng gulay na pinangat,kalabasa, at malunggay.

8.2.3 Pangsuway ka mga ideya.

Alimbawa:

Ipinag-uurgulyo ka kag-igin, a igin na maboot.

8.2.4 Pangsuway ka mga detalye. Ginagamit na pangsuway ka titulo/posisyon ka usad na tawo, istaran, saka petsa (kin a sinusundan na porma bulan-petsa-taon).

Alimbawa:

Nagtao sa mensahe si Dr. Eula Elgar, a presidente ka Rinconada Medical Center, manungod sa pagtaas ka presyo ka mga bulong.

8.3 Tandang Pananong (?)

Ginagamit a tandang pananong sa pag-uunga, usisa, o pagdadarwang-isip (sa mga nakukong detalye).

Alimbawa:

Sari ika nakaistar?
Uno ko kaya isusupong udma?

8.4 Tandang Padamdang (!)

A tandang padamdang ginagamit sa pagpabayad ka iba-ibang pagmati.

Alimbawa:

Pag-una niya, iya a pirmi a tama!
Nayku! Naulog su igin!
Pumundoy ka!

8.2.3 Panghiwalay ng mga Idea.

Halimbawa:

Ang mabait na bata,orgulyo ng magulang.

8.2.4 Panghiwalay ng mga detalye. Ginagamit sa paghiwalay ng titulo/posisyon ng isang taó elemento ng tiráhan, at petsa (kung ang sinusundang format ay buwan-petsa-taon).

Halimbawa:

Nagbigay ng pahayag si Dr.Eula Elgar, ang pangulo ng Rinconada Medical Center, tungkol sa pagtaas ng presyo ng mga gamot.

8.3 Tandang Pananong (?)

Pangkalahatang gámit ng tandang pananong ang pagpapahayag ng tanong, usisa, o alinlangan (sa datos na nakalap).

Halimbawa:

Saan ka nakatira?
Ano kaya ang isusuot bukás?

8.4 Tandang Padamdang (!)

Ginagamit ang tandang padamdang sa mga pahayag na dulot ng bugso ng damdámin, sigaw, o pahayag na mapang-uyam.

Halimbawa:

Akala niya, siya ang laging tama!
Naku! Nahulog ang bata.
Tumigil ka!

8.5 Tuldok-Kuwit (;)

Ginagamit tanging pagsuwayon a mga sugnay na nakapagsusolo na uda pang-ugnay.

Alimbawa:

Dakulo a naitatabang sa mga tawo a sentabong pinapadara ka mga OFW; kindi mas mapapakaray a pagkabuway kin migkaagko sadiring industriya a mga tawo.

8.6 Tutuldok (:)

Ipinababayad sadi a mga nakasurat na mga parirala, o pangungusap.

Alimbawa:

Natapos su drama na sinabi ni Aling Sepa na: “My parents ruined my life: Yours will not be ruined. I shall not let your father do it...” (Rinaot ni tatay a buway ko. Ika diri. Diri man ako migtugot na gibuwon man adi kanimo...)

8.7 Panipi (“ ”)

Ginagamit adi sa tuwiran o direktang sinabi sa usad na pangungusap o mas dakol pang pangungusap na sinabi ka iba o sanggunian.

Alimbawa:

Sinabi niya sa ngamin, “Agko mig-abot na makusog na bagyo, kaya ngamin kita magpreparar.”

8.8 Gitling (-)

8.8.1 A gitlín (hyphen) ginagamit na pananda tanging pagsuwayon a mga saritang inuutro o mga inuutrong silaba sa sarita.

8.5 Tuldok-Kuwit (;)

Ginagamit upang paghiwalayin ang mga sugnay na nakapag-iisa na walang pang-ugnay.

Halimbawa:

Napakalaking tulong sa kabuhayan ang padaláng salapi ng mga OFW; ngunit higit na tatatagang kabuhayan kung magkaroon ng sariling industriya ang mga tao..

8.6 Tutuldok (:)

Ipinakikita nitó ang mga nakatalang mga parirala, o pangungusap.

Halimbawa:

Sa mga kataga ni Aling Sepa nagtatapos ang dula: “My parents ruined my life: Yours will not be ruined. I shall not let your father do it...” (Sinira ng aking ama ang aking buhay. Ang sa iyo’y hindi. Hindi ko hahayaang gawin iyon ng iyong ama...)

8.7 Panipi (“ ”)

Ginagamit ito sa tuwiran o direktang sinabi sa isang pangungusap ng isa o mas marami pang pahayag o pangungusap na sinabi ng iba o sanggunian.

Halimbawa:

Sinabi niya sa karamihan “Mayroong darating na malakas na bagyo kaya magsihanda ang lahat.”

8.8 Gitling (-)

8.8.1 Ang gitlín (hyphen) ay tanda upang paghiwalayin ang mga inuulit na salita o mga inuulit na pantig sa salita.

Alimbawa:

uno-uno 'ano-ano'
sunod-sunod
sari-sari 'saan-saan'
puro-paryo 'pareparehas'
apon-apon 'hapon-hapon'

8.8.2 Sinabi sadto Kabanata 1 na a paiwa kasabay ka gitling nagsisimbolo sa impit na tunog na agko kasunod na patinig. Binubutang a paiwa sa itaas ka patinig na sinundan sa impit saka gitling sa bitnga ka darwang silaba.

Alimbawa:

tam-ìs
bag-ot
maib-og

8.8.3 Ginagamit man adi kin isuway sa panlapi a mga uram na sarita na nasa orihinal na ispeling saka mga pangngalang pantangi.

Alimbawa:

maka-Diyos
maka-Rizal
pa-Bato
pa-Iriga
mag-Jollibee
nag-makeup
naka-Gucci
kontra-Marxismo

8.8.4 Pagsusuway ka Numero. A gitling ginagamit sa pagsusuway ka mga grupo sa numero sa telepono, ISBN, ID, saka kapareyov.

]

Halimbawa:

uno-uno 'ano-ano'
sunod-sunod 'sunod-sunod
sari-sari 'saan-saan'
puro-paryo 'pareparehas'
apon-apon 'hapon-hapon'

8.8.2 Nabanggit sa Kabanata 1 na ang gitling ay sumisimbolo sa impit na tunog na may kasunod na patinig sa gitna ng salita. Inilalagay ang gitling sa gitna ng pantig na nagtatapos sa katinig at ng sumusunod na pantig na nagsisimula sa patinig.

Halimbawa:

tam-ìs 'tamis'
bag-ot 'pawis'
maib-og 'makapal'

8.8.3 Ginagamit din ito upang ihiwalay sa panlapi ang mga hiram na salitang nása orihinal na baybay at ang mga pangngalang pantangi.

Halimbawa:

maka-Diyos
maka-Rizal
pa-Bato
pa-Iriga
mag-Jollibee
nag-makeup
naka-Gucci
kontra-Marxismo

8.8.4 Paghihiwalay ng Numero. Ang gitling din ang ginagamit sa paghihiwalay ng mga pangkat ng numero sa telepono, ISBN, ID, at kauri.

Alimbawa:

236-7982 (numero sa telepono)
978-971-9901-78-2 (numero sa ISBN)
2006-75693 (numero sa ID)
449-179-631-000 (numero sa TIN)

8.8.5 Pag-ispeling. Ginagamit a gitling sa pag-ispeling ka mga letra sa sarita.

Alimbawa:

A Pilipinas iniispeling sa P-i-l-i-p-i-n-a-s o kayâ /kapital pi-ay-el-ay-pi-ay-en-ey-es/

A Bulkang Mayon iniispeling na B-u-l-k-a-n M-a-y-o-n o kayâ /kapital bi-yu-el-key-ey-en kapital em-ey-way-o-en/

8.8.6 Pananda ka Panlapi. Gitling a pananda tanging maisiyan kin a panlapi-unlapi, gitlapi, o hulapi.

Alimbawa:

nag- (unlapi)	nagbasa
-in- (gitlapi)	ginibo
-on (hulapi)	kaunon

8.8.7 Signal ka Naputol na Sarita. Ginagamit a gitling bílang signal na naputol a usad na sarita sa puro ka usad na linya saka sadto na sumunod na linya a katugbong. Importante na tama a pagsisilaba ka naputol na sarita.

Alimbawa:

Magayon a simbag ka eskuwela. Pero kaipuan na **ipaliwanag** a gusto niyang sabiyon ka mga kaisipan.

Halimbawa:

236-7982 (numero sa telepono)
978-971-9901-78-2 (numero sa ISBN)
2006-75693 (numero sa ID)
449-179-631-000 (numero sa TIN)

8.8.5 Pagbabaybay. Ginagamit ang gitling sa pagbabaybay ng mga titik ng salita.

Halimbawa:

Ang Pilipinas ay ibinabaybay sa P-i-l-i-p-i-n-a-s o kayâ / kapital pi-ay-el-ay-pi-ay-en-ey-es/

Ang Bulkang Mayon ay inibaybay na B-u-l-k-a-n M-a-y-o-n o kayâ /kapital bi-yu-el-key-ey-en kapital em-ey-way-o-en/

8.8.6 Pananda ng Panlapi. Gitling ang pananda upang maláman kung ang panlapi ay unlapi, gitlapi, o hulapi.

Halimbawa:

nag- (unlapi)	nagbasa 'nagbasa'
-in- (gitlapi)	ginibo 'ginawa'
-on (hulapi)	kaunon 'kainin'

8.8.7 Senyas ng Naputol na Salita. Ginagamit ang gitling bílang senyas na naputol ang isang salita sa dulo ng isang linya at nása susunod na linya ang karugtong. Mahalaga na wasto ang pagpapantig sa naging pagputol sa salita sa dulo ng linya.

Halimbawa:

Mainam ang sagot ng estudyante. Ngunit kailangang ipaliwanag ang ibig niyang sabihin ng mga kaisipan.

LISTA KA MGA SARITAON

Filipino	Rinkonada
isa	usád
dalawá	darwá
tatló	tuló
ápat	upát
limá	limá
ánim	unóm
pitó	pitó
waló	waló
siyám	siyám
sampû	sampulò
dalawampû	báynte
sandaán	sanggatós
líbo	sangríbo
walâ	síro, udà
lahát	ngámin
magbiláng	magbílång
háyp	ayóp
ibon	bayóng
uwák	uwák
manók	manók
pakpák	pakpák
balahíbo	bugáybo
buwáya	buayá
ígat	kasilí
palakâ	palakâ
áhas	sawá
báboy	baktín

TALAAN NG MGA SALITA

Filipino	Rinkonada
áso	ayám
unggóy/ matsíng	kabálang
kalabáw	damulág
usá	usá
dagâ	babò
buntót	ikóg
pagóng	baoó
buláte	tuló
lamók	namók
kúto	kutó
gagambá	lawâ
ánay	anóy
kúto	komád-maliit na lusâ-lisâ
paruparó	alibangbáng
maglutò	maglutô
palayók	kurón
kutsarón/sandók	kilwít
lumunók /nilunók	tinulón
káin/ kumáin	kaón
itlóg	itlóg
asín	asín
kamóte	kamóte
karné	karné
sabáw	sabów
almusál/agáhan	pamáwan
maásim	maalsóm

Filipino	Rinkonada
tamís /matamís	matam-ís
mapaít	mapaít
busóg	busóg
gútom	alóp
inumín	inumón
úhaw	pa
álak	álak
bulók	lupâ
lúsong	lusóng
niyóg	nuyóg
búko	kárusón
lúya	lúya
damó	duót
nípa	nipà
manî	maní
bigás	bugás
ipá	apá
magbayó	magbabayó
pambayó	pandúkdok, álo
kánin	kánon
pálay	paróy
palayán	umá
tubó	tubó
kaingín	pagsubsób
gúbat	kadlagán
taním	tanóm
punò	puón sa kawóy
ugát	gamót
balát ng káhoy	ubák sa kawóy

Filipino	Rinkonada
dáhon	dawón
bulaklák	búrak
tiník	tubóng
prútas	prútas
butó	túlang
ságing	batág
yantók	ratán, uwóy
abaká	abaká
búlak	algudón
talóng	talóng
bunga ng ngangà	bungá
ikmó	buyô
ngangà	mamaón
ápog	apóg
ngayón	ngowán
umága	ramrág
tanghalì	mudtó
hápon	apón
áraw	aldów
gabí	gab-í
ngayón	ngowán
búkas	udmâ
kahápon	sápon
taón	taón
buwán	bulán
bituín	bituón
áraw	aldów
himpapawíd	langít
úlap	pangánurón

Filipino	Rinkonada
kulóg	daguldól
kidlát	kitkilát
ulán	urán
bahaghári	balangáw/bulalangáw
malamíg	maagnów
ínit/maínit	maurasâ,
maínit	mainít
manáhan/tumirá	umistár
bákod	álad/kodál
sahíg	salóg
báhay	balóy
bubóng/atíp	atóp
sílong	siróng
bintanà	bintanà
dingding	ringríng
uwî	paulî
mabúhay	mabúway
búkungbúkong	bukóbukó
katawán	awák
hità	itâ
paá	tiíl
sákong	buól
talampakan	rapárapá
túhod	tud, tuód
dalirì ng paá	guramóy/garamóy
puwérta, pukî	budáy
titì	butô
tumbóng	lubót
pigî	píg-i

Filipino	Rinkonada
balikat	abagá
pálad	palád
dalirì	(hinlilit) guramóy
síko	síko
bráso	takyág
dipá	dupá, rupá
kamáy	kamót
dangkál	rangáw
dibdíb	ruróggan
súso	susó
likód	taludtód
tiyán	pús-on
pusò	pusô
bitúka	bituká
atáy	atáy
bagà	bagâ
tadyáng	gusók
ugát	ugát
dugô	rugô
butó	tálang
tabâ	tabâ
úlo	payó
buhók	buk
útak	utók
mukhâ	lalawgón
noó	angóg
pisngí	pisngí
babà	kukó

Filipino	Rinkonada
bibíg	ngangá
labì	ngabíl
dilà	rirâ
ngípin	ngipón
taínga	talingá
matá	matá
kílay	kirây
pilikmatá	pirók
ilóng	uróng
leég	lióg
lalamúnan	tutolnán
balát	kúlít
pílat / péklat	péklat
tahî, tahîin, hinabî	aból
lála	salá-salá
baníg	baníg
tahî / itahî / manahî	tayî
karáyom	ragóm
kúmot	isápoy
únan	ulúnan
pantalón	pantalón
bahág	bahág
labâ/máglaba	maglabá
lúbid	lubíd
hilagà	nórte
silángan	sirángan
kanlúran	sulnúpan
tímog	tímog, sur
malápit	aráni

Filipino	Rinkonada
malayò	arayô
kánan	túo
kaliwâ	walá
makítid / makípot	piót
maluwáng	maíwas
lálím / malálím	araróm
ilálím	iraróm
punô	punô
mababà	ababà
maiklî	alúkot
malakí	dakulô
mahabà	maabâ
derétso/tuwíd	túlíd
tákot	takót
gálit	udít
nahiyâ	nasupóg
iyák/umiyák	nagtangís
matákot	makatakót
áway	rabóng
malungkót	mamundô
sakít/kirót	kulóg
tawá/tumáwa	tawá/ngisí
akyât/umakyât	guno/panik
lumútang	lutów
lumipád	maglayóg
húlog	ulóg
hiláhin	butúngon
itúlak	idúyong
takbó	dalágan

Filipino	Rinkonada
bilís/mabilís	maispíd/matandós
lákad/maglakád	agí
paikútin	biríkon
tayô /tumayô	tindóg
upô/umupô	umulà
itsá, ihâgis	iapón
ibasúra	ibasúra
kasáma	kaibá
kaibígan	barkáda
babâe	babayí
laláki	lalakí
matandang laláki	guráng na lalakí
matandang babâe	guráng na babayí
táo	tawí
sámbahayán	katábang
pamílya	pamílya
tátay	itáy/apáy pápa/ kag-igín na lalakí
nánay	Ináy/amáy/máma kag-igín na babayí
kapatíd	ngud
anák	igín
asáwa	agóm
asawang babâe	agóm na babayí
anák	igín
alípin	urípon
bálo	baló
pangálan	ngarán
bulág	bóta

Filipino	Rinkonada
bingí	bungóg
maysakit	ágko iláng
patáy	guraán
mamatáy	magraán
pigsâ	pugsá
ubó	ubó
napakapayat	maláng niwáng
katí	gatól/magatól
gamót	bulóng
dumumí/tumâe	nag-udô, umudô
ípt/dumí	ípot
dumurâ	lustáb/naglustáb
ihì	tabíd
nagsukâ/súka	nagsuká
páwis	bág-ot
dágat	dágat
lawà	ranów
túbig	tubíg
talón	busáy
ílog	sálog
ágos	sulóg
bangkâ	bangkâ
pansagwán	sagwán
balsá	barsá/balsá
langóy/lumangóy	langóy
isdâ	isurâ
basâ	basâ
tuyô	mará
ibilád	ibulád

Filipino	Rinkonada
kulô	kadálkadál
maligò	marigós
sukláy	sukráy
mabangó	maamót
ikuskós	igusgós
kínis / makínis	makínis/polinás
pigâ / pigáin	pugaón
húgas/naghúgas	maninów/nag-ugás
pâhid, punásan	gusgós/gusgusón
marumí	maatî
masamá	maráót
kagát	kagát
súnog/sunúgin	damágan, suluón
hiwà/magputól	girisún
sipáin	sipaón
patayín	guránon
magsinungalíng	mag-ambóg/ambugón
kalmutín	kaguwón
nákaw/magnákaw	tabán/magtabán
lakás /malakás	kusóg/makusóg
mahinà	malúya
tálas/matálas	mataróm
kalúban, suksúkan	saróngan
sibák	tiakón
saksák/saksakín	saksák/saksakón
mapuról	manguról
panagínip	pangaturógan
makalímot	malingáw
tandaán	rumrumón, isípon

Filipino	Rinkonada
alám	ísi
kilála	bistó
matutúhan	matúran
ulítin	dobleyón
maglarò/laruin	ngayamón/magngayamó
umáwit	magkantâ
matúlog	maturóg
gisíng	gisóng
hawákan	kaptán
amóy	paróng
tingnán	baydón,silngán
sábi	sábi
sagót	simbág
tawágin	báoy
kuwénto	istória
salitâ	sarità
óo	amó
hindî	dirî
súnog	kalayó
úsok	asú
abó	abó
úling	oríng
hángin	angín
alíkabók	talbó
pútik	lamód
buhángin	basúd
káhoy	kawóy
daán	tinámpo
lúpa	ragâ

Filipino	Rinkonada
lindól	linóg
bató	bató
landás	agíyan/agyán
bundók	bukíd
tuktók	tuktók
báyad	báyad
ibénta, ipagbilí	ipabakál
bilí/bumilí	bumakál
magtrabáho	magtrabáwo
utang	utang
maralita	tíos, póbre
mayáman	mayáman
múra	baráto
mahál (na presyo)	mal
ibigay	itaó
putî	putî
itím	itóm
pulá	pulá
diláw	yellow
luntî	green
magandá	magayón
malakí	dakulô
íhip/híhip	uyupón
hiningá	ingá-ingá
ilibíng	lubóng
mahírap	dipísil
hukáy/humúkay	magkalót,magbubón
mabúti/mabaít	marây, mabúot
matigás	makusá

Filipino	Rinkonada
mabigát	magubát
magtagò	magtagô
ilán	pirá
mangáso	mangayám, mag-anáp
magaán	magáan
nawalâ	naudà
bágo	bágo
lumà	lumâ
ibá	ibá
singsíng	singsíng
aníno	anninó
malíit	sadáy, sadít
díkít /dumikít	rukót/rumukót
sumúso	sumusó
luhà	luwâ
tinalì	ginapós, ginuód
maghintáy	mag-ulát
talì	guód

MGA NAGGIBO KA ORTOGRAPIYA

Tagasurat:

Marlene B. Laya

Dalubguro 2
Balaogan Elementary School
Bula South District
Bula, Camarines Sur

Vilma S. Cangayo

Dalubguro 2
Bato South Central School
Bato District
Bato, Camarines Sur

Ryan G. de la Torre

Project Leader
Bicol University College of Education
Daraga, Albay

Tagasuri:

Iriga City, Camarines Sur

Anita A. Novela
Annabelle B. Albaño
Cheryl G. Tabarangao
Emilie B. Cabañes
Jane A. Tabarangao
Karen A. Belonio
Ma. Elizabeth S. Lagatic
Marilou G. Sacay
Salvacion M. Magistrado
Sofia A. Baile

Nabua, Camarines Sur

Irvin P. Sto.Tomas
Karen A. Bobis
Kayce S. Albania
Maricar G. Ballecer
Nanette D. Beredico
Ursula E. Guazon

Marcia V. Calleja

Guro 2
Sta. Cruz Norte Elementary School
Sta. Cruz Norte, Iriga City

Madonna E. Monte

Dalubguro 1
San Nicolas Elementary School
San Nicolas, Iriga City

Angela E. Lorenzana

Component Leader
Bicol University College of Education
Daraga, Albay

Baao, Camarines Sur

Cindy Casimsiman
Daisy G. Agnas

Bula, Camarines Sur

Emerlina O. Antioquia
Fatima F. Berenguela
Francis Christian A. Formoles

Balatan, Camarines Sur

Gecille M. Occiano
Vilma S. Esplana

Bato, Camarines Sur

Analiza C. Macasaya
Joanne T. Gariplan

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER

Arthur P. Casanova, PhD

Tagapangulo
Komisyoner sa Wikang Tagalog

Carmelita C. Abdurahman, EdD

Fultaym Komisyoner para sa Programa at Proyekto
Komisyoner sa Wikang Waray

Benjamin M. Mendillo, Jr., PhD

Fultaym Komisyoner para sa Pananalapi at Programa
Komisyoner sa Wikang Ilokano

Hope S. Yu, PhD

Komisyoner sa Wikang Sebwano

Jesus C. Insilada, EdD

Komisyoner sa Wikang Hiligaynon

Reggie O. Cruz, EdD, PhD

Komisyoner sa Wikang Kapampangan

Christian T.N Aguado, PhD

Komisyoner para sa mga Wikang Katimugang Pamayanang Kultural

Melchor E. Orpilla, PhD

Komisyoner sa Wikang Pangasinan

Atty. Marites A. Barrios-Taran

Direktor IV

SANGAY NG LINGGUWISTIKA AT APLIKADONG LINGGUWISTIKA

Lourdes Z. Hinampas

Earvin Christian T. Pelagio

Evelyn S. Pateño

Christian D.S Nyles

APENDIKS

A. Pagsusurat ka Tuldik

1. A saritaon na computer dapat naka-set sa:

English (United States)

United States-International Keyboard

2. Sunudon a mga instruksiyon tanganing makasurat sa patinig na agko tuldik.

Gustong Maipabayad	Unang Pinduton	Sunod na Pinduton	Kinaluwasan
Aring pantig a agko ruon	' (apostrophe key)	Letra ka agko ruon na patinig	á, é, í, ó, ú
Ruon sa uriyan na silaba o sarita	` (grave accent)	Letra ka patinig na nasusundan sa ruon	à, è, ì, ò, ù
Silabang agko ruon sa uriyan amo a agko ruon na silaba sa sarita	^ (circumflex accent key)	Letra ka agko ruon na patinig	â, ê, î, ô, û
Schwa/Gupô/Gëpë	" (quotation marks)	Letrang e	ë

APENDIKS

A. Pagsusulat ng Tuldik

1. Ang lengguwahe ng computer ay dapat naka-set sa:

English (United States)

United States-International Keyboard

2. Sundin ang sumusunod na instruksiyon upang makasulat ng patinig na may tuldik:

Nais Maipakita	Unang Pindutin	Sunod na Pindutin	Kinalabasan
Aling pantig ang may diin	' (apostrophe key)	Titik na diniinang patinig	á, é, í, ó, ú
Impit sa dulo ng pantig o salita	` (grave accent)	Titik ng patinig na sinusundan ng impit	à, è, ì, ò, ù
Pantig na nagtatapos sa impit ay siyang diniinang pantig ng salita	^ (circumflex accent key)	Titik na diniinang patinig	â, ê, î, ô, û
Schwa	" (quotation marks)	Letrang e	ë `



Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG KOMISYONER BLG. 55-7

Serye 2024

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA ORTOGRAPIYANG RINKONADA

SAPAGKAT, alinsunod sa Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, upang magpatupad ng patakaran ng Estado sa pagtitiyak at pagtataguyod ng patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng mga wika ng Pilipinas;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng Seksiyon 14 ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991 ang sumusunod na mga responsibilidad ng KWF:

(d) Magpanukala ng mga patnubay at istandard para sa mga anyuing lingguwistiko at pagpapahayag sa lahat ng opisyal na komunikasyon, publikasyon, teksbuk, at iba pang materyales sa pagbasa at pagtuturo;

(e) Hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Pilipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

xxx

(g) Tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitô;

(h) Magsagawa sa mga antes na pambansa, rehiyonal, at lokal ng mga pagdinig pambuliko, kumperensiya, seminar, at iba pang mga pangkatang talakayan upang umalam at tumulong sa paglutas ng mga suliranin at mga isyung may kaugnayan sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas;

SAPAGKAT, ang *Ortograpiyang Rinkonada* ay nagsisilbing mahalagang sanggunian para sa mga mananaliksik ng mga wika ng bansa na tumutugon sa mandato ng KWF batay sa Batas Republika Blg. 7104, gayundin sa mga pangunahing kasangkot.

IPINAPASIYA, gaya ng ginawang pagpapasiya ngayon, at sang-ayon sa mga inilatag na proposisyon sa itaas, pinagtitiyak ng KWF ang patarakan sa pagbuo at pagpapatupad ng patakaran pangwika ng KWF kaugnay ng opisyal na ortograpiya ng Rinkonada.

IPINAPASIYA, na matapos ang konsultasyon at ugnayan ng KWF at ng mga stakeholder ng wikang Rinkonada, at matapos din ang serye ng pagsusuri at rebisyon ng ortograpiya ng nabanggit na wika, pinagtitiyak ang kapasiyahang ito bilang pagkilala sa opisyal na ortograpiya ng wikang Rinkonada;


IPINAPASIYA pa, na anumang pagbabago sa ortograpiya ng nabanggit na wika ay kinakailangang dumaan sa wastong konsultasyon ng KWF at ng mga stakeholder ng wika, at pagkaraan ay sa pagpapatibay ng Kalupunan ng mga Komisyoner ng KWF;


IPINAPASIYA din, na maglalaan ng kaulukang pondo ang KWF para sa paglalathala ng nabanggit na ortograpiya;

IPINAPASIYA sa wakas, na inilalakip at ginagawang mahalang bahagi ng kapasiyahang ito ang kopya ng opisyal na ortograpiya ng wikang Rinkonada.

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA ORTOGRAPIYANG RINKONADA

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan na ginanap ngayong 28 HULYO 2024 sa Ardenhills Suites, 3rd Floor, Alibano, Diliman Quezon City


Kom. ARTHUR P. CASANOVA, PhD
Tagapangulo
Komisyoner para sa Wikang Tagalog


Kom. BENJAMIN M. MENDILLO, JR., PhD
Komisyoner para sa Wikang Ilokano


Kom. HOPE S. YU, PhD
Komisyoner para sa Wikang Sebwano


Kom. MELCHOR E. ORPILLA, PhD
Komisyoner para sa Wikang Pangasinan

Kom. ABRAHAM P. SAKILI, PhD
Komisyoner para sa mga Wika ng
Muslim Mindanao

Kom. JOSE KERVIN CESAR CALABIAS, PhD
Komisyoner para sa mga Wika ng Kahilagaang
Pamayanang Kultural



Kom. CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
Komisyoner para sa Wika ng Samar-Leyte


Kom. JESUS C. INSILADA, EdD
Komisyoner para sa Wikang Hiligaynon


Kom. REGGIE O. CRUZ, EdD, PhD
Komisyoner para sa Wikang Kapampangan


Kom. CHRISTIAN T.N. AGUADO, PhD
Komisyoner para sa mga Wika at Kultura
ng mga Katutubo sa Mindanao

PINATUTUNAYAN NG NAKALAGDA NA ANG KAPASIYAHAN BLG. 55-7, SERYE 2024 AY PINAGTIBAY NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO.


Kom. ARTHUR P. CASANOVA, PhD
Tagapangulo





KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, 1005 Maynila
Tel. (02) 899-606-70 www.facebook.com/komfilgov komfil@kwf.gov.ph
www.kwf.gov.ph